

St. Martin Coop, nakiisa sa International Year of Cooperatives 2025



Hindi alintana ang init ng panahon upang maipakita ng St. Martin Coop at iba pang delegasyon mula sa iba't ibang Kooperatiba ang pakikiisa at suporta sa pagdiriwang ng International Year of Cooperatives 2025 na ginanap sa Quezon City Memorial Circle.

Pagpapataw ng buwis sa mga kooperatiba, tinutulan

ni JOEMAR NICOLAS

Kabilang ang St. Martin Coop sa mahigit tatlong-daang (300) kooperatiba sa bansa nakiisa sa mapayapang pagpupulong sa Senado, upang ipahayag ang pagtutol sa mungkahing pagbubuwis sa mga kooperatiba.

Ang mga sumali sa kilos-protesta ay may mga bitbit na karatula na may mensaheng “No to Taxing of Coops”, “Pass SB 2811” at “Cooperatives are Government’s partners in Nation-Building”

Isinagawa ang pagtitipon na ito upang pagtibayin ang eksempsyon ng mga kooperatiba mula sa buwis ng gobyerno. Dumalo din sa nasabing pagtitipon ang COOP NATCCO Partylist Representative na si Congressman Felimon M. Espares upang lalo pang pagtibayin at madepensahan ang Tax Exemption ng mga Kooperatiba sa ilalim

ng RA 9520.

Narito ang mga dahilan kung bakit tumututol ang mga Kooperatiba sa pagbubuwis:

Pagkawala ng Layuning Panlipunan

Ang kooperatiba ay hindi tulad ng karaniwang negosyo dahil ito ay itinatag upang tumugon sa pangangailangan ng mga miyembro, lalo na ang mga nasa laylayan ng lipunan. Ang pagbubuwis ay maaring humadlang sa kanilang kakayahang magbigay ng serbisyong abot-kaya at makatao.

Pagbawas sa Kita ng mga Miyembro

Ang kita ng kooperatiba ay karaniwang ibinabalik sa mga miyembro sa anyo ng dididendo, pautang, o serbisyo. Kapag binuwisan ito, mababawasan ang benepisyong natatanggap ng mga kasapi, lalo na ang maliliit na miyembro.

(sundan sa pahina 3)



Nakikiisa ang St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative sa panawagan na hindi dapat buwis ang mga kooperatiba sa gitna ng mga usapin na balak patawan ng buwis ang mga kooperatiba.

ni JOEMAR NICOLAS

Upang maipakita ang suporta sa pagdiriwang ng International Year of Cooperatives 2025, dinaluhan ng mga opisyal at kawani ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative ang opisyal na paglulunsad ng International Year of Cooperatives 2025 ng Pilipinas sa Quezon City Memorial Circle na pinangunahan ng Cooperative Development Authority (CDA) at ng National Alliance of Cooperatives (NAC).

Ito ay may temang “Cooperatives Build a Better World”.

Isinasagawa ang kaganapang ito upang ipagdiwang ang kahalagahan ng mga kooperatiba sa pagpapalago ng ekonomiya, pagkakaisa ng lipunan, at pagpapalakas ng komunidad.

Pumarada ang iba’t ibang kooperatiba mula East Ave. Gate paikot sa Commonwealth Avenue Gate bilang simbolo ng kalakasan at pagkakaisa ng sector ng kooperatiba.

Sa pagbati na ibinigay ni Quezon City Mayor Joy Belmonte, binigyan din niya ang kahalagahan ng mga kooperatiba sa pagtaguyod ng isang lipunan at ang suporta ng mga ito sa paglago ng komunidad.

Nag-abot din ng pagbati si Pangulong Ferdinand R. Marcos, Jr. sa pamamagitan ng video message na nagsasaad na ang kooperatiba ay katuwang ng bansa sa pagpapanatili ng kaunlaran.

Ang isinagawang aktibidad ay naging matagumpay at makabuluhan sa lahat ng dumalo mula sa St. Martin Coop. Sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok nina Joemar G. Nicolas, Allan Eugene Baisa, Francis John Espinosa, Ace Aldrin Estrella, Mary Ann Augustin, Joshua Paragoso, James Jason Santiago, Roi Jones Nuguid, Pepito Cruz Jr., at Nenita Ignacio kung saan ay naipamalas ng buong pamunuan ng St. Martin Coop ang pagtaguyod sa mga ganitong gawain.



3 parangal, iginawad sa St. Martin Coop

Ni CEO Jon Celestino

Tumanggap ng tatlong parangal ang St. Martin Coop buhat sa CLIMBS Life and General Insurance Cooperative dahil sa aktibo nitong pagtangkilik sa mga programa at produkto nito.

Ito ay kinabibilangan ng Outstanding Premium Producer – Regional Level, Champion for Climate Action, at Fresh Capital Infusion na ipinagkaloob sa mismong General Assembly Meeting

ng CLIMBS nuong ika-28 ng Abril 2025 sa Radisson Blu Hotel, Cebu City.

Nagkaroon din ng educational forum at paglalahad ng resulta ng operasyon ng CLIMBS at pag-uulat ng iba’t ibang komite sa naturang taunang pagpupulong.

Dumalo sa nasabing pagtitipon sina BOD Chairperson Herminda Z. Valeriano, Director Mary Giselle S. Galicia, CEO Serafin Celestino, Jr., at HRAD Chief Angelo Libiran.



Naging Resource Person si Bb. Mary Ann Agustin ng Business Development Center ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative sa pagdiriwang ng Trainees' Week ng TESDA Regional Guiguinto noong Hulyo 8, 2025. Mahigit 100 mag-aaral at kawani ng TESDA ang dumalo sa naturang pagbabahagi ni Agustin sa temang “Financial Literacy: How to Achieve Financial Peace”.

TESDA Trainees' Week, pinagyaman ng kaalaman sa pananalapi

ni MARY ANN F. AGUSTIN

Isang makabuluhang sesyon ang isinagawa noong **Hulyo 8, 2025** bilang bahagi ng pagdiriwang ng Trainees' Week ng TESDA Regional Guiguinto. Inimbitahan ang Business Development Center upang magbahagi ng kaalaman sa pangunguna ni **Bb. Mary Ann Agustin** bilang Resource Person.

Sa temang “*Financial Literacy: How to Achieve Financial Peace*,” ibinahagi ni Bb. Agustin ang mahahalagang konsepto ng tamang pamamahala ng pana-

nalapi sa harap ng mahigit 100 mag-aaral at kawani ng TESDA.

Sa kanyang masigla at inter-aktibong pagtuturo, tinalakay ang mga praktikal na paraan upang makamit ang kapayapaang pinansyal—mula sa pagba-budget, pag-iimpok, hanggang sa matalinong paggastos at pag-iipon para sa pagre-retiro.

Hindi lamang ito basta seminar - ito ay naging inspirasyon. Marami sa mga dumalo ang nagpahayag ng pasasalamat sa mga bagong kaalaman na kanilang natutunan, na tiyak na magagamit nila sa kanilang personal

na buhay at propesyon. Ayon sa ilan, ito ang unang pagkakataon na naipaliwanag sa kanila nang malinaw ang kahalagahan ng financial peace - isang bagay na madalas na hindi napagtutuunan ng pansin sa pang-araw-araw na buhay.

Sa mga ganitong aktibidad, higit pang napapalalim ang ugna-yan ng mga institusyon sa layuning mapaunlad ang kakayahan ng bawat Pilipino. Isang hakbang tungo sa mas matatag na kinabukasan—pinanday sa kaalaman, disiplina, at pagkilos.

Policy on Annotation and Cancellation of Real Estate Mortgage, Deed of Chattel Mortgage, nilikha

Ni REGINE DON LOR

Inaprubahan ng Lupong Patnugutan ang Policy on Annotation and Cancellation of Real Estate Mortgage and Deed of Chattel Mortgage sa regular na pagpupulong nito nuong ika-25 ng Abril 2025.

Layunin ng patakarang ito na matiyak na ang lahat ng *Real Estate Mortgage* ay maitatala sa kaukulang *Transfer Certificate of Title (TCT)*, at ang lahat ng *Chattel Mortgage* ay maitatala sa *Certificate of Registration* ng kasaping nangutang.

Sakop ng patakarang ito ang lahat ng sangay ng Kooperatiba na may aprubadong secured loans.

Ang *manager* ng Legal and Remedial Management Department (LRMD) o ang kanyang awtorisadong kinatawan sa kanyang pagliban ang may pananagutan sa pagtitiyak na lahat ng “collateralized loans” ng SMTCDC ay updated ang pagkakatala, namo-monitor, at naitatago ng maayos.

Ang patakarang ito ay epektibo simula noong ika-19 ng Mayo, 2025 at rerepasuhin o ia-update tuwing ikalawang (2) taon.

SMTCDC, idinaos ang 55th General Assembly Meeting

Ni EILEEN RUTH G. REYES

Ginanap ang ika-55 General Assembly Meeting ng ating Kooperatiba sa pamamagitan ng Sequential General Assembly Meetings by District simula Marso 15, 2025 hanggang Abril 12, 2025. Ang Final Gen-



Dinaluhan ng 4,475 na kasapi ang St. Martin Coop 55th General Assembly Meeting noong Abril 26, 2025. Nagbigay ng pagbati at mensahe sa pagtitipon na ito ang COOP-NATCCO Partylist Rep. Felimon Espares at Bocaue Vice Mayor Sherwin Tugna.

eral Assembly Meeting naman ay isinagawa noong Abril 26, 2025.

Binuksan ang Final GA Meeting ng pambungad na talumpati ni CEO Serafin Celestino, Jr. kung saan niya binigyang-diin ang tema ng okasyong ito na “Cooperatives, Build a Better World”. Tinuran niya na ang pagtutulungan at pagkakaisa ng mga kamay-ari, opisyales at kawani ng kooperatiba ang siyang nagpapatatag nito upang itaguyod ang isang malaya at maunlad na komunidad.

Nagbigay din ng kanilang espesyal na pagbati at mensahe sina Coop-NATCCO Partylist Rep. Felimon Espares at Bocaue Vice-Mayor Sherwin Tugna.

Isang masayang awitin ang hinandog para sa mga Kamay-ari at panauhing ng ating batang kasapi mula sa St. Martin Coop Youth Laboratory Cooperative.

Pinangunahan naman ni dating Board Chairperson Dr. Irma E. Cruz ang panunumpa ng mga halal na opisyal para sa taong 2025.

Ang Election Committee, Audit Committee, Gender and Development Committee, Ethics Committee at Mediation and Conciliation Committee ay nagbigay ng ulat ng kani-kanilang committee. Pinangunahan naman ni Board Chairperson Herminda Z. Valeriano ang pag-uulat ng resulta ng Coop operations para sa taong 2024.

Tampok sa pagtitipong ito ang Bingo Bonanza na may layuning pataasin ang sapingpuhunan ng ating Kooperatiba. Sa araw ding ito nagtapos ang eleksyon sa plebisitong amyendahan ang Election Code, Articles of Cooperation at By-laws kung saan nakuha ang kinakailangang bilang ng boto upang ito ay pagtibayin.

Nagtapos ang 55th General Assembly Meeting na buhay ang saya at pag-asa sa bawat isa na ipagpatuloy ang paglalakbay tungo sa tagumpay.

Basic Life Support Training isinagawa sa Guimba



nasa larawan ang mga kalahok sa isinagawang Basic Life Support Training ng Business Development Center ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative sa Guimba, Nueva Ecija Noong Hunyo 13, 2025. Dinaluhan ng mga kawani ng St. Martin Coop Guimba Branch ang naturang pagsasanay kasama ang mga mula sa komunidad sa pamamagitan ng Municipal Disaster Risk Reduction Management Office ng Guimba.

ni MARY ANN F. AGUSTIN

Isinagawa ng Business Development Center ang isang Basic Life Support Training na layong palakasin ang kakayahan ng mga mamamayan sa pagtugon sa mga sitwasyong pang-emergency.

Ang aktibidad ay ginanap sa bayan ng Guimba Nueva Ecija, katuwang ang Municipal Disaster Risk Reduction and Management Office (MDRRMO) noong Hunyo 13, 2025.

Tampok sa naturang pagsasanay ang mga mahahalagang kaalaman sa tamang pagresponde sa mga insidente gaya ng biglaang pag-collapse ng isang tao, tamang paraan ng pagbibigay ng CPR, at mga hakbang sa pagresponde sa aksidente. Layunin nitong ihanda ang mga kalahok sa aktwal na sitwasyon kung saan ang mabilis at tamang aksyon ay maaaring magligtas ng buhay.

Kalahati sa mga lumahok ay mga miyembro ng St. Martin Coop – Guimba Branch, habang ang natitirang kalahati ay mula sa komunidad ng Guimba na inorganisa ng MDRRMO. Pinili ang mga kalahok batay sa kanilang interes at kakayahang maging bahagi

ng volunteer emergency response team ng kanilang barangay.

Bilang karagdagang bahagi ng programa, nabigyan din ang mga kalahok ng Membership Orientation Seminar na isinagawa ng Business Development Center. Sa sesyong ito, mas naging malinaw sa mga kalahok ang adhikain ng kooperatiba, ang mga benepisyonang maaaring matanggap bilang miyembro, at ang iba’t ibang serbisyong inaalok nito sa komunidad. Naging daan din ito upang mas mapalalim ang ugnayan ng kooperatiba sa mga mamamayan ng Guimba.

Matapos ang teoretikal na bahagi ng pagsasanay, isinailalim ang mga kalahok sa isang aktwal na pagsusulit kung saan kanilang isinagawa ang mga natutunan. Bawat isa ay tumanggap ng sertipikasyon mula sa Department of Health (DOH), bilang patunay ng kanilang kwalipikasyon bilang volunteer emergency responder.

Lubos ang pasasalamat ng Business Development Center sa mga aktibong kalahok, sa mga bihasang tagapagsanay mula sa MDRRMO, at sa maayos na pagpapatupad ng buong aktibidad. Sa pamamagitan ng ganitong mga programa, higit pang napapalakas ang kahandaan ng komunidad sa

Pagpapataw ng buwis sa mga kooperatiba, tinutulan

(mula sa pahina 1)

Pagpapahina sa Prinsipyo ng Pagtutulungan

Ang kooperatiba ay nakabatay sa prinsipyo ng pagkaka-isa, pagtutulungan, at pagkakapantay-pantay. Ang pagbubuwis ay maaaring magdulot ng hindi pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mga miyembro at ng estado, at magpahina sa diwa ng kooperatibismo.

Pagkawala ng Insentibo sa Pag-oorganisa ng Kooperatiba

Kung ang mga kooperatiba ay papatawan ng buwis tulad ng karaniwang negosyo, mawawala ang incentive ng mga tao na magtatag ng kooperatiba bilang alternatibong paraan ng kabuhayan at pag-unlad.

Pagkaantala sa Pag-unlad ng Lokal na Ekonomiya

Maraming kooperatiba ang nakabase sa mga rural na lugar at nagsisilbing tagapagtaguyod ng lokal na ekonomiya. Ang pagbubuwis ay maaaring magpabagal sa kanilang operasyon at makaapekto sa kabuuang pag-unlad ng mga komunidad.

SMCYLC, nakiisa sa Global Money Week 2025

ni NENITA IGNACIO

Sa pangunguna ng Membership Services Department, muling nabigyan ng pagkakataon ang dalawampu’t walong (28) kabataang miyembro ng St. Martin Cooperative Youth Laboratory Club (SMCYLC) na magsama-sama sa isang makabuluhang pagtitipon noong ika-22 ng Marso, 2025. Layunin ng aktibidad na ito ang pagbibigay-kaalaman hinggil sa mga bagong salaping papel na inilabas ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), bilang bahagi ng patuloy na edukasyong pinansyal para sa kabataan.

Sa naturang pagsasanay, natutunan ng mga kalahok ang kahalagahan ng pagiging mapanuri sa mga bagong bank notes upang matukoy kung ang mga ito ay tunay o peke. Ipinakilala sa kanila ang mga makabagong security features ng mga salaping papel, gaya ng tactile marks, color-shifting elements, at enhanced watermark designs, na nagsisilbing proteksyon laban sa pamemeke.

Bukod pa rito, ipinaliwanag din ang kahusayan ng mga materyales na ginamit sa paggawa ng bagong salapi. Dahil dito, ki-

nilala ang Pilipinas bilang isa sa mga bansa na may pinakamataas na kalidad ng bank notes sa buong mundo hindi lamang dahil sa tibay at disenyo ng mga ito, kundi dahil na rin sa mga teknolohiyang nakapaloob sa bawat piraso ng salapi.

Ang ganitong mga aktibidad ay patunay ng patuloy na pagsusumikap ng kooperatiba na hubugin ang kabataan bilang responsableng mamamayan, may sapat na kaalaman sa usaping pinansyal, at aktibong nakikibahagi sa mga makabuluhang programa ng komunidad.



Nakiisa ang St. Martin Coop Youth Laboratory Club (SMCYLC) officers at members sa idinaos na Money Global Week na pinangunahan ng CDA noong Marso 22, 2025. Matagumpay itong nilahukan at sinuportahan ng maraming kabataan mula sa iba’t ibang Kooperatiba sa buong bansa.



- SERAFIN M. CELESTINO, JR.
Chief Executive Officer
- RAYMOND M. CARDENAS
Chief Operating Officer
- ALVIN B. NORIESTE
Chief Finance Officer
- MICHELLE V. HIPOLITO
Chief Branch Operations Officer
- ANGELO H. LIBIRAN
Chief Human Resource and
Administrative Officer
- WENNIE N. SANTOS
Chief Accounts Management
Officer
- NENITA DR. IGNACIO
Chief Membership Services and
Marketing Officer
- HERMINDA Z. VALERIANO
Board of Directors Chairperson
- PINKY DG. CLAUDIO
BOD Vice Chairperson
- MARISSA S. LORENZO
MARY GISELLE S. GALICIA
ATTY. SOLEDAD DV.
CABANGIS
OFELIA D. MALABAGO
ADIEL SAM T. DE JESUS
ERNESTO U. GUILLERMO, JR.,
LPT, MST
ROBERTO A. LLANITA
BOD Members
- Punong Patnugot at Layout
Ernesto U. Guillermo, Jr., LPT,
MST
- SANDIWA Committee Chair/
Editor in Chief
Nenita DR. Ignacio
- Associate Editor
Eileen Ruth G. Reyes
- Managing Editor
Allan Eugene Baiza
- Managing Writers &
Contributors/Recording
Secretary
Mary Ann F. Agustin
- SANDIWA Committee
Jeremiah John Jeffrey Lopez
Shierly Delos Santos
Rowena DJ. Celestino
- Mga Kontributor
- Nenita DR. Ignacio
Eileen Ruth G. Reyes
Allan Eugene Baiza
Regine Lor
Rowena Celestino
Shierly delos Santos
Jeremiah
John Jeffrey Lopez
Al Mario Gloria
Joemar G. Nicolas
Mary Ann F. Agustin
Mylene Benedicto
Dustine Kim Mangalindan

Ang **Sandiwa** ay ang opisyal na pahayagan ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative. Ito ay pinamamahalaan ng SMTCDC **Education and Training Committee** bilang pamamaraan upang ang mga kamay-ari ng St. Martin Coop ay mahatiran ng mga pinakahuling kaganapan, gawain, at pag-uulat tungkol sa SMTCDC.

Tax Exemption ng Kooperatiba: Patuloy Nating Ipaglaban at Isulong



Ni Atty. Soledad T. de la Vega-Cabangis

Section 15, Article XII of the 1987 *Philippine Constitution* declares the policy of the State to “**promote the viability and growth of cooperatives as instruments of equity, social justice and economic development.**”

Editoryal

Corollary thereto, the Cooperative Development Authority and the Bureau of Internal Revenue issued *Joint Rules and Regulations* that provide as follows:

“Duly registered cooperatives dealing/transacting business with members are **exempt from any taxes and fees imposed under the internal revenue laws and other tax laws**...including but not limited to, income tax, VAT, percentage tax, donor’s tax, excise tax, documentary

stamp tax, annual registration fee, all taxes on transactions with insurance companies and banks...”

Ang ganitong pagkilala sa mga kooperatiba ay narapat lamang, at sadyang napapanahon pa rin. Sa kabila ng paglipas ng maraming taon, hindi maikakaila na ang sektor ng kooperatiba ang isa sa pinakamabisang panlaban sa matinding kahirapan, pagkagutom, kriminalidad, at pagkakawatak-watak.

Ang ating sektor, walang pasubali, ang isa sa pinakamatatag na haligi ng lipunan, at kaagapay ng Pamahalaan sa pagpapaunlad ng bansa at ng milyong mamamayan nito.

Yaong mga nagsusulong sa pagbubuwis ng sektor ng kooperatiba ay hindi nauunawaan ang ating EXEMPTION mula sa pagbubuwis ay katumbas ng salapi o benepisyong ating direktang ipinamamahagi sa ating mga minamahal na kasapi.

Sa **St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative**, napakaigting ng *Corporate Social Responsibility*. Lubos na nadarama ng mga kasapi ang benepisyong tulad ng mga sumusunod: Medical Mission, Libreng tuli, BuntisSuporta, Scholarship grants, Pension ng Senior Members, Pagdiriwang ng Seniors’ Day, Hospitalization benefits, tulong sa panahon ng mga kalamidad, GAD Advocacy, Mortuary

Fund, Environmental care.

Higit sa lahat, ang ating mga pautang ay tulong-pinansyal na nagbibigay-daan sa pagkakasalba sa maraming buhay, at pag-unlad ng kayraming negosyo at kabuhayan.

Sa kabilang dako, naka-susuka, naka-ririmarim at naka-gagalit ang laganap na isyu ng korapsyon sa lahat ng sulok. Ang mga buwis na dapat sana ay inilaan para sa maayos na mga pampublikong ospital at paaralan, kalsada, tulay, pabahay, patubig, pagkain, mga programang pantugon sa mga pagbaha at kalamidad, ay napunta sa wala (ghost projects) o hindi kaya naman ay sa mga proyektong substandard, dahil sa mga pinatabang bulsa. Kayraming buhay at kabuhayan ang nakitil at nawasak nang dahil sa kasakiman ng ilang abusado, sakim, mapaglinlang at walangkunsensyang kababayan natin.

Ang mga kooperatibang naglilingkod nang buong agap, kahusayan at katapatan sa kanilang mga kasapi at mga komunidad na nasasakupan, ay dapat lamang na patuloy na makinabang sa **TAX EXEMPTION!** Sa kanilang mapagkalinang mga kamay at liderato, nakatitiyak tayong ang ating yaman ay tunay na tinatamasa ng mga mamamayan, lalo’t higit nuong mga nasa laylayan ng lipunan. Cooperatives cater for every Juan, but most especially for the last, the least and the lost.

Sa nagkakaisang tinig, taglay ang pananalig at pasasalamat sa Poong Maykapal at sa ating sektor, at may wagas na pagmamahal sa ating bansa, pamilya at mga kababayan, ating isulong ang tama at malinaw na adbokasiya: **YES na YES SA TAX EXEMPTION NG MGA KOOPERATIBA!**



Marami nang artikulo at komentaryo sa pahayagan ang aking nabasa tungkol sa korapsyon sa Pilipinas na nagpapahirap sa buhay at pamumuhay ng mga mamamayan. Tulad nila, dama ko ang kanilang pagkadismaya. Ramdam ko ang kanilang galit. Nakikita ko na sila ay nakukulangan sa bilis ng aksyon para mapanagot ang mga maysala.

Minsan naiisip ko, bakit kailangan pa ang mga pagdinig sa Senado kung may mga ebidensya na sila na nag-sasabing may nangyaring anomalya sa mga flood control projects na ito? Bakit hindi nila agad na kasuhan ang mga taong sangkot dito o kaya naman ay ipaaresto at ipakulong, at tuluyang bawalan ang mga contractors na ito sa pagsali sa mga pagawain ng gobyerno? Bakit hindi nila magawang i-freeze at i-sequester ang assets ng lahat ng sangkot sa mga maanomalyang proyekto para mabilis na mabawi ang pondo ng gobyerno? Ako’y nababahala na sa bagal ng paghabol sa mga kurakot at magnanakaw sa ating go-

Nasa Atin ang Kapangyarihan Ni CEO Jonjon Celestino

byerno, biglang sumabog ang galit ng taumbayan at matulad tayo sa bansang Indonesia na kung saan, sinunog ang mga government buildings gayundin ang kanilang police stations, nilusob at pinagnakawan ang tirahan ng mga tiwaling opisyal, at nanatiling naka-alerto ang militar bunga ng malawakang kilos-protesta ng mga mamamayan.

Bagama’t bahagi na ng ating kultura na gawing katawa-tawa ang mga seryosong bagay, to make things light ‘ika nga, hindi ito kailanman ang siyang makatutulong na supilin ang problema sa korapsyon sa ating bayan. Oo, tayo ay panandaliang matatawa ngunit ang hindi kaaya-ayang epekto ng problemang ito ay pangmatagalan at paulit-ulit nating mararanasan. Ang korapsyon, ayon kay Robert Klitgaard, ay hindi lamang tungkol sa masasamang indibidwal – ito ay tungkol sa pagkakaroong ng monopolyo na may karagdagang diskresyon ngunit walang pananagutan. Samantala, ang korapsyon, para kay Segundo Eclar Romero, ay ang paggamit ng public office for private gain, mapa-Malacanang o barangay hall at mapa-gobyerno o corporate boardrooms man yan.

Kahit na hindi ang Pilipinas ang pinaka-corrupt na bansa sa mundo, hindi natin ito dapat na ikatuwa sapagkat da-


hil sa korapsyon, may mga classrooms na kulang ang upuan, kulang ang kama at gamot sa mga pampublikong ospital, at patuloy na umaapaw ang mga kailugan sa kabila ng trilyong pisong nagastos na sa pagpapagawa ng dike at pagpapahukay dito.

Ang kailangan natin ay isang malakas na kilusan para sa mabuting pamamahala na pinangungunahan ng mga tunay na matuwid at mahuhusay na pinuno. Malakas nating ipanawagan sa mga kawani at opisyal ng pamahalaan ang pagkakaroon ng pananagutan at pagganap sa kanilang tungkulin ng may pinakamataas na level ng responsibility, integrity, loyalty at efficiency. Baguhin na natin ang common notion na ang mga Pilipino’y madaling makalimot. Panatilihin nating sariwa sa ating mga alaala kung sinu-sino ang mga nagbibihis-tupa ngunit mga asal-asong lobo na lumapas-tangan sa pondo ng gobyerno nang sa gayon, sa susunod na eleksyon ay huwag na natin silang pahawakin ng anumang pwesto. Sabi nga, the government should be afraid of its people and not the other way around.

Nasa atin ang kapangyarihan. Ang kailangan lamang nating gawin ay sama-sama natin itong gamitin ng may kabuluhan.

Ipinaaabot ng St. Martin Coop ang taos-pusong pakikiramay sa mga naulila

Ni EILEEN RUTH G. REYES			
Isang taos-pusong pakikiramay ang ipinaaabot ng St. Martin Coop sa mga naulila ng mga sumusunod na namayapang Kamay-ari ng Kooperatiba noong buwan ng Enero – Hulyo 2025.			
ENERO			
RENATO R. ANDRES TERESITA L. FIGUEROA MERCEDES C. SANTOS DIONISIO G. NOOL SILVESTRE G. MONTEROSO RAMON R. RELLAMA VIRGILIO S. STA. ANA CARMELO B. EUSEBIO AURORA O. BURGOS OFELIA C. SUNIO FELICIDAD B. MALLARE		MILAGROS D. PASION DANILO G. DELA CRUZ GERTRUDES S. BRIGINO	
PEBRERO		MARSO	
EMELINA M. ESGUERRA MANUEL R. GERONIMO SERGIO N. GARCIA JR. JOSEPH R. ESTOPACE FERNANDA P. GOMEZ		LADISLAO S. ACUVERA LUZVIMINDA B. DIOKNO JOSE E. AGUILAR JULITA B. VALENTIN RITA D. ENRIQUEZ TERESA M. PAGAYON NORMA B. JUSTINIANO CRISANTO L. LIGON PATRICK D. DE GUZMAN JOIE JOY R. SAMONTE JOSEFINA M. ROXAS FERDINAND V. ALEJANDRO	
		ABRIL	
		GERARDO C. MENDOZA ISAGANI P. HIZON VICENTE S. DELA CRUZ ESPERDION P. ROSALES JR. BERNARDO P. FAMILARAN JR. NICOLAS T. GONGON SUSANA C. SAN DIEGO MAURICIO DELA CRUZ SR. ESTRELLA C. NAVARRO	
		MAYO	
		ASUNCION A. NIETO MARCO ANGELO S. DIAZ JULITA GREGORIO VICTORINO C. ESPAYOS MARC HALE D. ABLAZA ANASTACIA C. LIWANAG JUANITA O. SANTIAGO	
		HUNYO	
		FLORENCIA G. DELOS SANTOS ORESTER P. RAMOS JR. AUGUSTO B. MENDILLO ALIPIO R. ESPONGA JR. RENATO R. IRA VIRGILIO S. ESPINOSA JR. ALBERTO L. LARGO VIRGINIA S. OLIVARIO TEODOMIRO S. MOGARTE LOUIE V. COSTALES ANTONIA D. JOSON MARITES B. MARGAREJO AGUSTIN D. LATORRE ISABELITA A. CELESTINO VIRGINIA T. DESOACIDO RAYMOND U. CAPINLAC	
		HULYO	
		CARLOS A. FRANCISCO MARIO R.SANTIAGO EDUARDO L. VELAYO LOLITA S. BACATOLAD AMORFINA V. DEL ROSARIO LYDIA C. SERGIO DAISY R. ESTRELLA JULITA I. VALENCIA ESTER L. DEL PILAR CRESENCIA B. PAJUELAS	



Himlayan de San Martin Memorial Chapels, handang umalalay sa huling yugto ng buhay

Ni NENITA DR. IGNACIO			
Bilang tugon sa matagal nang hangarin ng mga kasapi, inilunsad ng St. Martin Coop ang pinakabagong proyekto nito—ang Himlayan de San Martin Memorial Chapels. Isa itong makabago at makabuluhang inisyatibo na bunga ng masusing pag-aaral at pagtutulungan ng Lupong Patnugutan at Pamunuhan ng Kooperatiba.		upang maging isang mas malaking viewing chapel.	
Layunin ng proyektong ito ang pagkakaloob ng marangal, abot-kaya, at dekalidad na serbisyong memorial, pagbibigay-pugay sa mga minamahal na mga yumao at pagpapaunlad ng negosyo ng kooperatiba para sa patuloy nitong paglago.		Dito rin sa ikalawang palapag matatagpuan ang opisina o tanggapan para sa mas mabilis na koordinasyon at pakikipag-ugnayan sa mga kliyente para sa reserbasyon, mga katanungan, at iba pang serbisyong memorial.	
Ang Himlayan de San Martin Memorial Chapels ay higit pa sa isang pasilidad—ito ay isang santuwaryo ng paggunita at pagmamahal, kung saan maayos na naipagdiriwang ang nakalipas na buhay ng mga yumao. At patuloy na pagsisikapan ng St. Martin Coop ang pagbibigay ng mga iba’t iba pang proyekto na tumutugon sa tunay na pangangailangan ng mga miyembro at ng komunidad.		Mayroon ding bakanteng espasyo sa harapan ng pasilidad na maaaring pagparadahan ng mga sasakyan. Ito ay upang matiyak ang kaginhawaan ng mga dumadalaw, lalo na sa panahon ng serbisyo at paggunita.	
Ang nasabing estruktura ay matatagpuan sa McArthur Highway, Abangan Sur, Marilao, Bulacan—ito ay binubuo ng dalawang palapag na maayos na dinisenyo para sa komportableng paggunita.		Bilang bahagi ng hangarin ng St. Martin Coop na maglingkod nang buong malasakit, ang Himlayan de San Martin Memorial Chapels ay nagkakaloob ng malawak na hanay ng serbisyong nagpapagaan sa panahon ng pagluluksa at nagbibigay-pugay sa alaala ng mahal sa buhay katulad ng mga serbisyo na maaaring ipagkaloob katulad ng:	
Sa unang palapag ay matatagpuan ang dalawang viewing chapel na maaaring paghiwalayin o pagsamahin sa pamamagitan ng nabubuksang hangang. May kapasidad ito na 50–60 katao bawat silid, naaayon ito para sa masinsinang pagtitipon at bawat silid ay may saring kwarto, palikuran, at pantry para sa kaginhawaan ng mga bisita.		• Serbisyong pang-alaala at pagsariwa sa buhay ng yumao • Pagbisita o paglalamay sa maaliwalas at maayos na kapilya • Pribadong pagtitipon ng pamilya para sa tahimik na sandali ng samasamang alaala • Pagkain o pag aalay ng pampalamig para sa mga bisita • Parangal sa yumao gaya ng photo tribute, audiovisual presentation, at simpleng handog • Serbisyong pangrelihiyon o pangkultura ayon sa paniniwala ng pamilya • Mesa ng Alaala (Memory Table) na maaaring lagyan ng litrato, alaala, at mensahe • Suporta para sa nagluluksa, upang madama ang kalinga ng komunidad • Gabay at tulong mula sa mga kawani na maaasahan sa bawat oras kung sila ay kinakailangan • Pagdiriwang ng Buhay ng Yumao, isang pagsalaysay ng kanyang naging buhay • Transportasyon, para sa mas maginhawang paglalakbay sa araw ng serbisyo	
Sa ikalawang palapag ng pasilidad ay matatagpuan ang viewing Chapel at pasilidad na may tatlong silid na ang bawat isa ay may sukat na 50 metro kuwadrado. May kakayahan itong tumanggap ng 25–30 katao bawat silid na may sari-sarili ding pantry at palikuran. Ang nasabing ikalawang palapag ay maaaring pagsamahin ang mga silid		Bilang bahagi ng adhikain ng St. Martin Coop na makapagbigay ng higit	
			
		Matatagpuan ang Himlayan de San Martin Memorial Chapels sa McArthur Highway sa Abangan Sur, Marilao, Bulacan. Limang Viewing Chapels ang disenyo ng pasilidad at bawat isa ay may airconditioning unit. Maging ang katabing lote nito ay pinatag na rin upang magsilbing karagdagang paradahan ng mga sasakyan sa mga gagamit sa Himlayan.	
		na serbisyo sa mga miyembro at komunidad, inilunsad din ang mga inilaang diskwento para sa mga kwalipikadong indibidwal na nais magdaos ng burol sa Himlayan de San Martin Memorial Chapels para sa mga sumusunod:	
		• Yumao na Regular member ng St. Martin Cooperative • Regular member na magpapaburo ng kaanak sa Himlayan • Yumao na miyembro ng mga partner na kooperatiba • Yumao na senior citizen • Yumao na may kapansanan (PWD) • Yumao na solo parent	
		• Yumao na residente ng Abangan Sur na piniling idaos ang burol sa Himlayan de San Martin Memorial Chapels.	
		Ang mga partner Cooperatives ng Himlayan ay maaaring tumanggap ng referral fee para sa bawat yumaong miyembro na kanilang irekomenda sa Himlayan de San Martin Memorial Chapels.	
		Sa paglulunsad ng serbisyong ito, umaasa ang St. Martin Coop na ito ay magiging kapaki-pakinabang at tangkilikin hindi lang ng mga kasapi nito kung hindi ng lahat sa mga panahong ito ay lubhang kinakailangan.	



St. Martin Coop: Sama-samang Pagkilos sa Gitna ng Kalamidad

ni NENITA DR. IGNACIO

Hulyo 21, 2025 — Naglabas ng pahayag ang Office of the President ukol sa pagkansela ng pasok sa lahat ng opisina ng pamahalaan at mga klase sa lahat ng antas simula ala-una ng hapon. Sakop ng kautusang ito ang mga sumusunod na lugar: Metro Manila, Cavite, Rizal, Batangas, Laguna, Bulacan, Pampanga, at Bataan. Ang desisyong ito ay bunso ng walang tigil na pagbuhos ng malalakas na ulan dulot ng Southwest Monsoon.

Epekto ng Masamang Panahon sa St. Martin Cooperative

Sa mga sumunod na araw ay patuloy pa rin ang paglala ng lagay ng panahon. Dahil dito, lubhang naapektuhan ang iba't ibang

sangay ng St. Martin Cooperative, na nakaranas ng matinding pagbaha. Napilitan ding kanselahin ang pasok sa lahat ng sangay upang matiyak ang kaligtasan ng mga kawani at maging ang mga miyembro.

Noong Hulyo 23, idineklara ang State of Calamity sa bayan ng Bataan, kasunod naman ang buong Bulacan noong Hulyo 24, dulot ng kasagsagan ng Bagyong Cresing.

Agarang Tugon at Pagkakaisa

Sa gitna ng sakuna, mabilis na kumilos ang Lupong Patnugutan sa pangunguna ni Chairperson Hermigilda Z. Valeriano, katuwang si CEO Serafin M. Celestino Jr., at ang buong kawani ng St. Martin Cooperative. Sama-sama silang nagbigay ng tulong sa mga

kababayan nating nasalanta.

Pamamahagi ng Tulong

Agad na nagpadala ng relief goods ang Kooperatiba sa barangay ng Bambang, Binang 1st, Bunlo, Lolomboy, Igulot, Duhat, Taal, at Tambobong sa bayan ng Bocaue. Nabigyan din ang ilang barangay sa mga kalapit-bayan tulad ng Poblacion-Marilao, Panginay-Balagtas, Malis-Guiguinto, at Bulakan-Bulacan.

Sa bayan naman ng Orani, Bataan, mabilis ding kumilos ang Orani Branch sa pangunguna ni BM Gilbert Garcia upang makapagbahagi ng tulong sa Almacen, Hermosa at sa Puksuan, Orani na dalawa sa mga lugar na lubos na naapektuhan ng pagbaha sa kanilang nasasakupan.

Sa kabuuan, umabot sa 1,515 relief goods ang naipamahagi ng

St. Martin Cooperative sa mga nasasakupan nito pati na rin sa mga outsource at kawani na naapektuhan din ng malawakang pagbaha.

Sama-samang Lakas at Malasakit

Hindi matatawaran ang pinagsama-samang pagtutulongan, pakikiisa, at malasakit ng bawat patnugutan, pamunuan at kawani upang maisaayos ang mga tulong at maiparating ito sa mga nangangailangan sa lalong madaling panahon. Dito ay muling pinatunayan ng St. Martin Cooperative na ito ay isang Samahan na Matatag, Maasahan, at Kumpleto—handa sa anumang hamon, at laging kaagapay ng komunidad sa oras ng pangangailangan.

St. Martin Coop: Silver Awardee sa Green Co-op

ni ANGELO LIBIRAN

Isa na namang mahalagang tagumpay ang naidagdag sa kaysaysayan ng St. Martin Coop matapos nitong tanggapin ang Green Co-op Silver Award mula sa National Confederation of Cooperatives (NATCCO).

Iginawad ang parangal noong Mayo 2, 2025 sa Crowne Plaza Manila Galleria at tinanggap nina BOD Chairperson Herminda Valeriano, BOD Member Atty. Soledad Cabangis, at CEO Serafin Celestino Jr. bilang kinatawan ng kooperatiba.

Inilunsad noong 2021, ang Green Co-op Awards ay kumikilala sa mga kooperatibang may natatanging kontribusyon sa pangangalaga ng kalikasan. Higit

pa sa isang karangalan, ito ay patunay ng paninindigan ng sektor ng kooperatiba sa Sustainable Development Goal (SDG) 13 – Co-ops for Climate Action at sa prinsipyong Pagmamalasakit sa Komunidad, na nagsusulong ng ligtas, malinis, at malusog na kapaligiran.

Sa St. Martin Coop, nagsisimula ang pangangalaga sa kalikasan sa loob mismo ng mga tanggapan. Sa pamamagitan ng 5S principles - Sort, Set in Order, Shine, Standardize, at Sustain, napapanatiling maayos, malinis at episyente ang lugar ng trabaho, kasabay ng pagbawas sa basura at pagpapalakas ng disiplina sa organisasyon.

Ang Central Office Bunlo Branch ay gumagamit na rin ng

solar energy na nakatulong ng malaki upang mabawasan ang carbon footprint. Inilunsad din ang Sunergy Loan, upang matulongang makapagpatayo ang mga miyembro ng solar-powered system sa kanilang bahay o negosyo. Sa ganitong paraan, natutulungan silang makatipid sa gastos, at ma-

katulong sa kalikasan.

Ang Green Co-op Silver Award ay pagkilala sa hangarin ng kooperatiba na pangalagaan ang kalikasan. Isa rin itong paalala na ang responsibilidad na ito ay dapat tuloy-tuloy at pangmatagalan.



Pagpapalaganap ng Pagiging Inclusive sa Pamayanan at mga Programa ng GAD Committee sa Unang Bahagi ng Taong 2025

ni Jeremiah John Jeffrey Lopez

1. PAGDIRIWANG NG BUWAN NG KABABAIHAN




Matagumpay na isinagawa ng St. Martin Coop Gender and Development (GAD) Committee ang pagdiriwang ng National Women’s Month bilang pagkilala sa mahalagang papel ng kababaihan sa paghubog ng makatarungan at makataong lipunan.

Bilang tampok na bahagi ng programa, isinagawa ang Zumba session na “Indayog ni Juana”, pamamahagi ng brochure ukol sa Republic Act No. 11313: The Safe Spaces Act (Bawal Bastos Law), at keychain na may temang tumatalakay sa gender equality—isang simpleng alaala na naglalayong maghatid ng inspirasyon sa araw-araw.

Nagbigay rin ng makabuluhang mensahe si Gng. Herminda Z. Valeriano, Chairperson ng Board of Directors, na nagbigay-diin sa kahalagahan ng kababaihan sa pamumuno at sa patuloy na pagsuporta ng kooperatiba sa isang inklusibo at pantay na lipunan.

2. JUANA UMINDAYOG SA BUWAN NG KABABAIHAN

Matagumpay na naisagawa ang programang "Indayog ni Juana" noong Marso 20, 2025 sa Sulucan Basketball Court, na dinaluhan ng higit 50 kababaihan at 3 kalalakihan. Bukod sa masiglang ehersisyo, ito ay naging mabisang daan upang isulong ang gender equality, kalusugan, at pagkakaisa ng komunidad.



Naging pagkakataon rin ito para sa St. Martin Coop na ipakilala ang mga produkto at serbisyo ng kooperatiba at makapag-recruit ng mga bagong miyembro. Isa itong patunay ng pangakong suporta ng kooperatiba sa isang ligtas, masaya, at inklusibong pamayanan.

3. MAGING MAALAM SA IYONG KARAPATAN



Namahagi ang GAD Committee ng brochure ukol sa Safe Spaces Act upang bigyang kaalaman ang mga miyembro tungkol sa kanilang karapatan sa mga pampublikong lugar. Kalakip nito, nami-gay rin ng keychain na may mensahe ng gender equality bilang pang-araw-araw na paalala ng pantay-pantay na pagtrato, respeto, at dignidad.

4. ISANG INSPIRASYONG PINUNONG BABAE

Sa isang panayam, ibinahagi ni Gng. Herminda Z. Valeriano ang kanyang karanasan bilang lider ng kooperatiba.

Bilang isang babaeng pinuno, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pamumunong may malasakit, integridad, at inspirasyon.



Layunin ng kanyang mensahe ang hikayatin ang mga kababaihan na maging aktibo sa pamumuno, sa kooperatiba man o sa komunidad.inspirasyon, pagpapalakas ng loob, at paghubog ng susunod na henerasyon ng mga pinunong may malasakit at integridad.

5. PAGBIBIGAY KAMALAYAN PATUNGKOL SA USAPING GENDER AND DEVELOPMENT SA EMPLEYADO

Noong Abril 16, 2025, isinagawa ang Gender Sensitivity Training para sa bagong empleyado at boluntaryo ng kooperatiba. Dinaluhan ito ng 17 kalahok (10 lalaki at 7 babae), at pinangunahan nina COO Raymond M. Cardenas at Jeremiah John Jeffrey Lopez.



Tinalakay sa training ang kahalagahan ng respeto, inklusibong kapaligiran, at patas na oportunidad sa trabaho..

6. PAGBABAHAGI NG KAALAMAN, PAGPAPATATAG NG MAS MATATAG NA KOMUNIDAD



Ipinamalas ng St. Martin Coop GAD Committee ang kanilang paninindigan para sa pagkakapantay-pantay sa isinagawang Gender Sensitivity Training at talakayan sa Magna Carta of Women sa San Juan Dela Cruz Parish Savings and

Credit Cooperative.

Pinangunahan ito nina COO at GAD Focal Person Raymond M. Cardenas at GAD Alternate Focal Person Jeremiah John Jeffrey Lopez, na nagbahagi ng kaalaman at karanasan hinggil sa gender equality at karapatan ng kababaihan.

Layunin ng aktibidad na palalimin ang kamalayan sa pantay na oportunidad at respeto para sa lahat, anuman ang kasarian. Patunay ito ng pagtutok ng kooperatiba hindi lamang sa kabuhayan, kundi sa paghubog ng isang makatarungan at inklusibong lipunan.

7. KATUWANG SA PAGPAPALAGANAP NG KAMALAYAN SA PAGKAKAPANTAY PANTAY

Katuwang ang BUFECO, Gng. Lani Babista, at ang City Cooperative Development Office ng San Jose del Monte, patuloy na isinusulong ng St. Martin Coop GAD Committee ang kamalayan sa pagkakapantay-pantay sa mga kooperatiba sa kanilang nasasakupan.



Patunay ito ng kanilang dedikasyon sa pagpapalaganap ng kaalaman at kamalayang pangkasarian, at sa pagpapatibay ng ugnayan sa ibang kooperatiba tungo sa isang inklusibo at patas na lipunan.

8. PAGBIBIGAY KAMALAYAN PATUNGKOL SA USAPING GENDER AND DEVELOPMENT SA MIYEMBRO

Sa isinagawang General Assembly noong Abril 26, 2025, naglunsad ang GAD Committee ng aktibidad na naglalayong ipakilala sa mga miyembro ang mga terminolohiya at konsepto sa likod ng Gender and Development (GAD).

Layunin ng aktibidad na ito na palawakin ang pang-unawa ng mga miyembro, at maitaguyod ang pantay-pantay na partisipasyon sa lahat ng antas ng kooperatiba.





Pinalawig na pagrerehistro sa Members' Portal, isinagawa

ni JEREMIAH JOHN JEFFREY LOPEZ

Naisakatuparan ng IT Department katuwang ang ilang piling empleyado ang pagpapalawig ng pagrerehistro para sa Members' Portal sa ginanap na General Assembly noong Abril 26, 2025.

Layon ng inisyatibong ito na mas mapalapit ang mga serbisyo ng kooperatiba sa mga miyembro sa pamamagitan ng teknolohiya. Sa bagong sistemang ito, magka-

karoon ng kakayahan ang bawat miyembro na mabisang ma-access ang kanilang account at loan details gamit lamang ang kanilang cellphone o anumang internet-enabled na gadget.

Ang hakbang na ito ay bahagi ng patuloy na pagsusumikap ng St. Martin Coop na gawing mas accessible, mabilis, at moderno ang pagbibigay-serbisyo sa mga kasapi nito.

ELEKOOP: Halalan sa kooperatiba, idinaos



ni JEREMIAH JOHN JEFFREY LOPEZ

Matagumpay na naisagawa ang ELEKOOP 2025 — ang opisyal na eleksyon ng St. Martin Coop — sa tulong ng pagtutulungan ng mga empleyado at miyembro.

Sa kabuuan, 2,933 na miyembro ang bumoto para sa mga kandidato at 7,221 ang lumahok sa plebisito, na patunay ng mataas na antas ng partisipasyon sa pagpili ng mga lider at sa pagboto sa mahahalagang usapin ng kooperatiba.


Ang halalan ay naisagawa nang maayos at walang naitalang aberya, gulo, o anomalya. Sa pangunguna ng ELEKOOP Committee, katuwang ang Information Technology Department, matagumpay na napangalagaan ang seguridad, integridad, at

transparency ng buong proseso. Sinigurado rin ng sistemang digital na protektado ito laban sa anumang uri ng pandaraya o sabotahe.

Ang tagumpay ng ELEKOOP 2025 ay hindi lamang tagumpay ng isang eleksyon, kundi patunay ng kahandaan ng St. Martin Coop na yakapin ang makabagong teknolohiya sa pamumuno. Sa pamamagitan ng digital voting, mas napadali at napaabot ang pagboto kahit sa malalayong lugar, kaya't mas maraming miyembro ang nakalahok sa demokratikong proseso.

Patuloy ang kooperatiba sa pagsusulong ng digital empowerment para sa mga kasapi, kasabay ng pagtitiyak na ang kanilang boses ay naririnig at pinahahalagahan.

Sa mga susunod na taon, layunin ng St. Martin Coop na mas paigtingin pa ang integridad ng eleksyon at ang inklusibong partisipasyon ng bawat miyembro, dahil sa isang tunay na kooperatiba, ang bawat boto ay may saysay.



Lakbay-Aral sa St. Martin Coop, patuloy

Ni MYLENE L. BENEDICTO

Patuloy na nagsisilbing sentro ng pagkatuto ang St. Martin Coop para sa mga organisasyon at institusyong nais mapalawak ang kanilang kaalaman sa kooperatiba, kaunlarang pangkomunidad, at pamamahala.

Noong Mayo 2, 2025, dumating ang mga delegado mula sa iba't ibang kooperatiba para sa isang araw ng benchmarking at pag-aaral. Tinalakay sa programa ang mga mahahalagang usapin tulad ng pamamahala ng kooperatiba, serbisyong pinansyal, at mga inobatibong programa para sa miyembro. Naging makabuluhan ang palitan ng kaalaman, karanasan, at mga best practices ng bawat kalahok mula sa iba't ibang kooperatiba.

Noon namang Mayo 29, 2025, bumisita ang mga kinatawan mula sa SRT La Trinidad Cooperative of Benguet para sa isang masinsinang pag-aaral hinggil sa operasyon ng St. Martin Coop. Ipinakita ang mga pangunahing serbisyo tulad ng savings at loan program s, at ipinaliwanag kung paanong ang pagiging bukas, mahusay na pamamahala, at pagtutok sa miyem-

bro ay naging susi sa tagumpay ng kooperatiba.

Dumating naman ang mga kawani mula sa Jose Panganiban National High School Multi-Purpose Cooperative noong Hunyo 5, 2025 upang matuklasan ang kasaysayan at pag-unlad ng St. Martin Coop, pati na rin ang mga pinakamahuhusay na gawain, na kanilang inaasam makamit sa hinaharap. Umani ito ng positibong tugon at inspirasyon mula sa mga dumalo.

Ang bawat pagbisita ay sinamahan ng guided tour sa pasilidad, kasama ang mga kawani ng kooperatiba, at interaktibong open forums na nagbigaydaan sa pagbabahagi ng mga ideya at karanasan.

Sa bawat Lakbay Aral, muling pinatibay ang mensahe: ang kooperasyon, edukasyon, at inobasyon ay pundasyon ng tunay na pag-unlad.

Patuloy ang St. Martin Coop sa pagbubukas ng pintuan nito para sa mga kapwa kooperatiba at institusyon. Sa pamamagitan ng mga programang tulad ng Lakbay Aral, itinataguyod nito ang pagkakaisa, malasakit, at kolektibong pag-unlad ng bawat kooperatiba.



Masaya, Malusog, at Magkakasama: Mga Tampok na Aktibidad para sa Empleyado sa Unang Bahagi ng Taon 2025

Ni SHIERLY L. DELOS SANTOS

Summer Saya sa Kahuna

Noong Mayo 9-10, 2025, tuluyan nang naganap ang pinakahihintay na Summer Outing ng mga kawani ng ating Kooperatiba, at sa dalawang araw na ito, tunay ngang walang patid na saya, tawanan, at mga alaala na mananatili sa puso ng bawat isa.



Pagdating pa lang sa Kahuna Beach Resort sa San Fernando La Union, dama na agad ang mataas na enerhiya, di alintana ang puyat at pagod sa mahabang byahe. Sinimulan ang umaga sa masasayang palaro na puno ng sigawan, hiyaw, at friendly competition. Lahat ay todo suporta at bigay todo sa bawat hamon, kitang-kita ang teamwork at kasiyahan ng lahat.

At sa gitna ng matinding kompetisyon, isang team ang nama-yagpag at buong tapang na nanaig! Congratulations sa Team Meow Meow (Eyyy Group 1!), ang ating Ultimate Game Champion!



Pagsapit ng gabi, lalo pang naging maku-lay ang sele-brasyon sa naganap na Social Night, at tunay ngang ito ay isang gabing hindi malili-mutan. Mula sa mga naka-

kabighaning summer outfits hanggang sa masayang kwentuhan at bonding moments, damang-dama ang summer vibes!

Isa sa mga pinakaa-bangang bahagi ng ga-bi? Walang iba kundi ang Bingo Bonanza! Lahat ay tutok na tutok sa kanilang mga cards, habol ang bawat tawag ng numero, kinakaba-han, tumitili, at nagsisigawan sa tuwa tuwing may "BINGO!" Talagang nagbigay ito ng kakaibang thrill at kasiyahan sa mga empleyado sa naganap na summer get together.

At syempre, hindi kumpleto ang gabi nang wala ang mga spot-light moments:



kanyang kumpiyansa, porma, at kakaibang "Sun-sational look"! Samantalang para sa Bb. Koopasionista 2025, walang iba kundi si

BM Jaja Ge-ronimo mula sa Pulong Buhangin Branch ang kinoronahan, dahil sa kanyang karisma, ganda, at angking "Sun-sational pres-ence"!

Ngunit ang tunay na bituin ng outing? Ang matatamis na ngiti at tuwa sa mga mukha ng bawat isa habang tinatanggap ang kanilang mga papremyo. Kitang-kita ang kaligayahan, isang sandali na siguradong mag-iwan ng masaya at siguradong tata-tak sa ating mga alaala.



Lubos na pasasalamat sa buong Outing Committee sa likod ng matagumpay na pagsasakatuparan ng ating Summer Outing 2025. Pinangungunahan ni Chairperson Nerwen Engco, katuwang ang mga masisipag na miyembro na sina Mr. Mark Malilay, Ms. Joyce Ann Delos Santos, Ms. Andrea Elaine Mejares, at Ms. Regine Lor, tunay nilang ipinamalas ang diwa ng pagtutulungan at malasakit. Sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa Human Resource Department, naibigay ang isang makabuluhan at masayang karanasan para sa lahat, isang outing na puno ng halakhak, alaala, at samahan na hindi natin malilimutan. Tunay nga, ito ay naging isang "Unforgettable Fun Under the Sun!"

Pangkalusugang Serbisyo para sa lahat

Bilang bahagi ng taunang programa para sa kalusugan at kapa-kanan ng mga kawani, matagumpay na naisagawa ang Annual Physical



Examination (APE) at Libreng Flu Vaccination noong Hunyo 21 at 24, 2025. Layunin ng programang ito na masiguro ang pangkalahatang kalusugan ng mga empleyado at maiwasan ang posibleng pagkakasa-kit na maaaring makaapekto sa kanilang araw-araw na pagganap sa kanilang mga tungkulin.

Ang aktibidad ay isinagawa sa maayos at organisadong paraan sa tulong ng New World Diagnostics Clinic, ang partner medical provider. Sa pamamagitan ng APE, nabigyan ang mga empleyado ng pagkakataon ng masuri ang kanilang kalagayan sa kalusugan. Sakop ng pagsusuri ang iba't ibang routine medical tests na makatutulong upang mapanatiling malusog at produktibo ang bawat kawani.

Kasunod nito, isinagawa rin ang libreng flu vaccination upang maprotektahan ang mga empleyado laban sa seasonal influenza. Ang pagbibigay ng libreng flu vaccine ay isang proactive na hakbang ng pamunuan upang mapanatiling malusog, ligtas, at produktibo ang buong workforce.

Ang pagsasagawa ng Annual Physical Exam at Flu vaccination ay isa lamang patunay ng pangangalaga ng SMTCDC sa kabuuang kalagayan ng mga empleyado.



Mga Inisyatibo ng St. Martin Coop sa Pagpapaunlad ng Kaalaman ng mga Empleyado

ni SHIERLY L. DELOS SANTOS

Ang St. Martin Cooperative ay nananatiling matatag sa adhikain nitong mapaunlad ang kakayahan at kaalaman ng bawat kawani. Sa paniniwalang ang tagumpay ng kooperatiba ay nakasalalay sa husay at dedikasyon ng mga taong bumubuo nito, isinagawa ang iba't ibang *in-house trainings* sa pagpasok ng taong 2025. Layunin ng mga pagsasanay na ito na hasain, i-update, at palakasin pa ang kapasidad ng ating mga empleyado upang mas maging epektibo at mahusay sa kanilang tungkulin. Narito ang mga Training na naisakatuparan:

Loan Sales Coaching and Mentoring Workshop

Date: Enero 27, 28, 30 at 31, 2025

Venue: SMTCDC Activity Center

Participants: Branch Managers at mga kinatawan mula sa Marketing Department

Resource Speaker: G. Paul John Longcop mula sa NATCCO Network



Isinagawa ang Loan Sales Coaching and Mentoring Workshop bilang tugon sa pangangailangang palakasin ang kakayahan ng ating mga tagapamahala at marketing staff sa larangan ng pagbenta ng loan at iba pang produkto ng kooperatiba. Sa

tulong ni G. Longcop, tinalakay ang mahalagang konsepto sa epektibong *coaching at mentoring*, at kung paano ito makatutulong sa pagpapaunlad ng performance ng kanilang mga nasasakupan. Bukod sa teoretikal na bahagi, isinagawa rin ang mga *field work activities*



kung saan personal na bumisita ang mga kalahok sa mga miyembro upang hikayating magavail ng mga produkto tulad ng **loans, savings, deposits, at membership**.

Ito ay nagsilbing praktikal na aplikasyon ng kanilang mga natutunan at naging daan upang higit na mapalapit sa mga miyembro ang serbisyo ng kooperatiba.

2. Signature Verification and Counterfeit Detection Training

Date: Pebrero 8, 2025

Venue: SMTCDC Activity Center

Participants: Mga Frontliners mula sa iba't ibang sangay ng SMTCDC

Resource Speaker: Bb. Juliana Santiago mula sa National Bureau of Investigation (NBI)

Ang pagsasanay na ito ay bahagi ng layunin ng Branch Operations na mapataas ang kamalayan at kakayahan ng ating mga frontliners sa pagtukoy ng pekeng lagda at panloloko sa transaksyon. Tinalakay ni Bb. Santiago ang mga pamamaraan upang malaman kung ang isang pirma ay peke o tunay, pati na rin ang mga pal-



atandaan ng pekeng salapi.

Partikular na binigyang-diin ang pagkilala sa mga *Enhanced Generation Currency* at *Polymer banknotes*, na bahagi ng mga bagong inilabas na salapi ng Bangko Sentral ng Pilipinas. Sa pamamagitan nito, mas napalakas ang kakayahan ng mga frontliners na mapanatili ang seguridad at integridad ng bawat transaksyon sa ating kooperatiba.



3. 2-Day Leadership Training

Date: Pebrero 28 at Marso 1, 2025

Venue: SMTCDC Activity Center

Participants: Managers at Supervisors

Resource Speaker: Bb. Cristina B. Naigan, former CEO ng SMTCDC



Bilang bahagi ng tuloy-tuloy na pagsisikap ng kooperatiba na maghubog ng matatag at epektibong lider, isinagawa ang isang espesyal na 2-araw na *Leadership Training* para sa mga managers at supervisors. Layunin ng programang ito na bigyang-kakayahan ang ating mga lider sa pagbuo ng isang organisasyong masigla,

mataas ang performance, at handang harapin ang mga pagbabago. Pinangunahan ito ni Bb. Cristina B. Naigan, dating CEO ng SMTCDC, na ibinahagi ang kanyang mayamang karanasan sa pamumuno at mga mahalagang aral sa epektibong pamamahala. Tinalakay sa pagsasanay ang mga pangunahing aspeto ng leadership, na mahalaga sa pag-abot ng mga layunin ng ating organisasyon.

Hindi lamang *in-house trainings* ang naisakatuparan ngayong unang bahagi ng taon. Patuloy din ang pagpapadala ng St. Martin Cooperative sa iba't ibang empleyado sa mga **External Trainings**, sa parehong *face-to-face* na paraan at maging sa mga *online platforms*.

Ang mga pagsasanay na ito ay isinagawa sa pakikipagtulungan sa iba't ibang Training Providers na may kakayahang maghatid ng espesyalisadong kaalaman at kasanayan na makatutulong sa pagpapaunlad ng ating operasyon.



Sa kabuuan, ang lahat ng isinagawang pagsasanay maging *in-house* man o *external* ay malinaw na patunay ng walang sawang pagtutok ng St. Martin Cooperative sa **kapakanan, kaalaman, at kakayahan ng mga kawani nito**. Sa patuloy

na pamumuhunan sa *professional development* ng mga empleyado, higit pang napalakas ang pundasyon ng ating kooperatiba, mas napapaigting ang kalidad ng serbisyo, at mas natitiyak ang patuloy na pag-unlad tungo sa samasamang tagumpay.



Pananampalataya at Paglilingkod: Suporta ng St. Martin Coop sa Krus sa Wawa



NI MYLENE L. BENEDICTO

Muli na namang ipinamalas ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative (St. Martin Coop) ang tunay na diwa ng malasakit at pananampalataya sa pamamagitan ng pagtangkilik at pagsuporta sa taunang pagdiriwang ng Krus sa Wawa ngayong 2025.

Ang Krus sa Wawa, o mas kilala bilang Bocaue River Festi-

val, ay isang mahalagang okasyon na nag-uugnay sa mga mamamayan ng Bocaue sa kanilang pananampalataya at makasaysayang pinagmulan. Sa pamamagitan ng pag-alala sa himalang Krus ng Wawa, libu-libong deboto ang muling nagsasama-sama upang ipahayag ang kanilang pananalig at pasasalamat.

Ngayong taon, muling naging katuwang ang St. Martin Coop sa tagumpay ng pagdiriwang bilang

isa sa mga pangunahing sponsor. Isa sa mga tampok na pakikilahok ng kooperatiba ay ang aktibong pagsali sa Sayaw Panata — isang makasining na alay sayaw na nagpapakita ng debosyon at pananalig sa Poong Maykapal.

Bukod sa pinansyal na suporta, nagpakita rin ng matibay na presensya ang kooperatiba sa mga aktibidad ng kapistahan, patunay na ang kanilang misyon ay hindi lamang nakatuon sa ekonomikal

na pag-unlad kundi pati sa paglago ng diwa at kultura ng sambayanan.

Sa patuloy na pakikiisa nito sa mga makabuluhang tradisyon, pinagtibay ng St. Martin Coop ang kanilang papel bilang isang tunay na kaagapay sa pananampalataya, serbisyo, at pagkakaisa sa bayan ng Bocaue at sa buong lalawigan ng Bulacan.

Pinaigting na patakaran sa Loan Processing, CI, Loan Verification, ipinatupad

NI ROWENA CELESTINO

Upang mas mapagting ang proseso ng pagpapautang, masigurong maayos ang pagbabantay sa mga “credit investigator”, at palakasin ang “loan verification system” ng St. Martin Coop, inilabas ang mga pagbabago sa mga patakarang nauukol dito.

Kabilang sa mga pagbabago sa “credit processing” na epektibong isinagawa noong Mayo 13, 2025 ay:

- Hindi na kinakailangan ang “residence checking” para sa “repeat GP member-borrowers”, maliban kung may pagbabago ng “address”.
- Pag-aalis ng “Agricultural Loan” sa ilalim ng “BM’s approval”.
- Pagtaas ng “maximum secured loan” mula P5M tungong P10M para sa “condominium collateral”.
- Dagdag na probisyon para sa “mortgage cancellation” at limitadong “credit investigation” para sa ilang “secured consumer loan applications”.

Para naman sa “monitoring ng credit investigator” na epektibong sinimulan noong Hunyo 23, 2025 ay ipinatutupad ang:

- “Mandatory Official Travel Order” bago ang anumang “fieldwork”.
- Paggamit ng “Life 360 GPS tracking app” para sa “real-time monitoring”.
- Mahigpit na oras ng pag-login

(7:45 AM) at pagsunod sa itinakdang “CI schedules”.

- Maximum na dalawang (2) oras na pahinga bago bumalik sa opisina, maliban sa mga “emergency”.
- Obligasyon ng “Credit Manager at Supervisor” na agad tumugon sa mga insidente.

At para naman sa “policy on loan verification” na epektibong ipinatupad noong Hunyo 23, 2025 ay itinatakda ang:

- Lahat ng loan applications na may “credit investigation” ay kailangang “i-verify” sa mga bangko o “lending institutions” gamit ang parehong tradisyunal na pamamaraan at “online credit bureau inquiries”.
- Lahat ng “loan applications” na P100,000.00 pataas ay dapat “i-check sa credit bureau”.
- Kinakailangang magsagawa ng “verification” na hindi bababa sa apat (4) na “financial institutions”.
- May Karapatan ang “borrower” na mag-apela kung may “adverse findings”, basta’t may ebidensya at “updated ang external loans” bago muling “mag-apply”.

Layunin ng mga pagbabagong ito na gawing mas mabilis, mas maayos, at mas ligtas ang proseso ng pagpapautang habang pinoprotektahan ang interes ng Kooperatiba at mga miyembro nito.

BOCAUE HALF MARATHON

B21K

RUN THE DISTANCE, OWN THE PRIDE.

November 9, 2025
Igulot, Bocaue, Bulacan

EARLY BIRD DISCOUNT IS UNTIL AUGUST 31, 2025

5km

Early Bird Discount
650.00/850.00
Included: (Singlet, Racebib, 3" Finisher Medal)

10km

Early Bird Discount
950.00/1,150.00
Included: (Singlet, Racebib, 3" Finisher Medal)

21km

Early Bird Discount
1250.00/1,450.00
Included: (Singlet, Racebib, Finisher Shirt, and 4" Finisher Medal)

HURRY UP!

REGISTER NOW!

B21K: Bocaue Half Marathon, gaganapin

NI ALLAN EUGINE BAIZA

Sa pangunguna ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative (St. Martin Coop), gaganapin sa kaunaunahang pagkakataon sa November 9, 2025 sa Bocaue ang B21K: Bocaue Half Marathon, isang makasaysayang kaganapan na magtitipon ng mga mananakbo mula sa iba’t ibang lugar.

May temang “Run the Distance, Own the Pride”, layunin ng B21K na pagtibayin ang pagmamahal sa kalikasan at komunidad, habang hinihikayat ang mas aktibong pamumuhay at mas malusog na pangangatawan.

Tatlong kategorya ang maaaring salihan ng mga mananakbo - 5 km, 10 km, at 21 km, na may mga early bird regis-

tration discounted prices na P650.00, P950.00, at P1,250.00.

Kabilang sa registration fee ang singlet, racebib, at finisher medal. Ang makakatapos naman sa 21-km marathon ay may karagdagang finisher Shirt.

Ang mga interesadong kalahok ay bibigyan ng waiver.

Hinihikayat ang mga kasapi na may kakayahang tumakbo na lumahok sa naturang marathon sa pamamagitan ng pagrehistro sa link na ito: <https://stmartincoop.myruntime.com/register>

Para sa karagdagang impormasyon at updates, bisitahin ang official Facebook page ng B21K: Bocaue Half Marathon o magtungo sa pinakamalapit na St. Martin Coop branch.

Ano ang Coop Mo?

ni AL MARIO GLORIA

Ano ang coop mo?
Ang Coop ko ay may puso!
Bawat produkto, serbisyo at benepisyo
Tugon sa pangangailangan ng bawat kamay-ari nito.

Ano ang coop mo?
Ang Coop ko ay naging bahagi sa bawat kwento ng pag-angat at pag-ahon.
Sinubok na ng maraming pagkakataon ang tibay ng pundasyon,
Nanatiling matatag sa bawat pagsubok at haba ng panahon.

Ano ang coop mo?
Ang bawat kamay-ari, ginagalang, nirerespeto.
Bukas kahit kanino, makatao,
Matatag, maasahan, kumpleto sa malasakit at serbisyo.

Ano ang coop mo?
St Martin Coop ang ngalan ng coop ko!
Sana, tanong mo ay nasagot ko,
Aking ikagagalak na ika'y maging kamay-ari at maging myembro.



S.T. M.A.R.T.I.N

By AL MARIO GLORIA

SINCERE, that's who we are at St. Martin Coop
We ensure that everything is taken care of.
We are committed in everything that we act and say
Because as valued members, we want you to stay.

TRUSTWORTHY, reliability and dependability are a must
We never want our members to lose their trust
Having a good relationship is like handling a fragile glass
That's why gaining trust is something dear to us.

MOTIVATED, helping uplift lives, building communities
Members are our inspiration in always doing our best,
We practice values and virtues in all our services
Because we want to give them only the best.


ACHIEVING, setting and reaching goals are what we do
To ensure excellent services for our members, too,
Complacency has no place in our Coop
Moving forward and soaring higher until the top!

RESPECTFUL, serving you with high regard
Because stakeholders we all are,
Courtesy is high and felt by every member
It makes our bonds last forever.

TENACIOUS, we make our Coop steadfast and strong
Because it is where all of us belong,
Systems are in place to always make it safe
No storms, no crisis, no problems can strafe.

INDUSTRIOUS, fuels the goal of the institution
Conflicts and problem arise, but always with solution,
Stress or fatigue may come but later become friends
Solving member's concerns is what we all want to end.

NOBLE, we respond to a higher call of service
Not only with our existing products, services, and benefits,
St. Martin Coop is on top of its Vision-Mission
Helping Uplift Lives, Building Communities - our motto, our action!



THE BEST COOP
ALWAYS STANDS OUT...



"Be a member and feel the Great COOP Banking Experience."

ST. MARTIN COOP
Helping Uplift Lives, Building Communities

www.stmartincoop.ph

Isang Paalala ni Martina

Iginuhit at nilikha ni AL MARIO GLORIA

Kailan ko kaya dapat bayaran ang aking loan?

Bakit ako sinisingil? Matagal pa naman ang due date ng loan ko?

May notice akong natanggap sa Coop, pero wala naman akong loan?

Wala na namang pasok, saan kaya pwedeng bayaran ang loan ko?

Ako po si Martina at handa kong sagutin ang inyong mga katanungan.

Maging Responsableng Kamay-ari

- Magbayad ng loan ng sapat at sa takdang panahon ayon sa kontrata.
- Bilang Co-Maker, responsibilidad din natin ang loan ng ating Maker.
- At ito ay nakasaad sa kasunduan na parehas ninyong nilagdaan.

Kung ikaw ay Good Payer!

- Magkakaroon ka ng mas mababang interest sa loan.
- Mas mabilis na proseso ng loan.
- Maaaring maka-pag-apply ng iba't ibang klase ng loan base sa inyong capacity to pay.
- Maaaring maging natatanging Kamay-Ari.
- At marami pang iba't-ibang Coop Benefits.

Kung kayo man ay nakakatanggap ng tawag, text, sulat o pag bisita namin,

- Ito ay patunay na mahalaga kayo sa amin.
- Dahil nais namin na manatili kayong Good Payer forever!

Ang daming Payment Options!

- Over the counter
- Authorized field collectors
- Bank transfer through the BDO account of the Head Office.

GCash
maya
CiQQ
by 7-ELEVEN

PAALALA!

- Makipag-transaksyon lamang sa mga sangay na malapit sa inyo o sa lehitimong empleyado ng ating Kooperatiba.
- Kung mayroon mang katanungan ay maaaring tumawag sa mga numerong ito:
Globe - (0927) 3086-231
Sun/Smart - (0999) 363-1997
(0932) 771-6514, (0943) 700-7244

Tandaan! Palagiang humingi ng opisyal na katibayan sa inyong loan na binayaran.

Karanasan sa CEO Succession ng SMTCDC, tampok sa 8th National Sharing of Best Practices

ST. MARTIN

MY CEO SUCCESSION EXPERIENCE

Serafin M. Celestino, Jr.
CEO, St. Martin Co-op
27 February 2025

Ibinahagi ni St. Martin of Trous Credit and Development Cooperative Chief Executive Officer, Serafin Celestino, Jr. ang konteksto ng succession sa St. Martin Coop sa ginanap na 8th National Sharing of Best Practices ng NATCCO sa Park Inn by Radisson noong Pebrero 27—28, 2025.

Ni CEO Jon Celestino

Sa paanyaya ng National Confederation of Cooperatives (NATCCO), ibinahagi ni Serafin “Jonjon” Celestino, ang kanyang karanasan bilang bagong CEO ng St. Martin Coop sa ginanap na 8th National Sharing of Best Practices nuong ika-27 at 28 ng Pebrero, 2025 sa Park Inn by Radisson North Edsa, Quezon City.

Sa kanyang 30 minuto na pagsasalita, tinalakay ni CEO Jonjon ang konteksto ng succession sa St. Martin Coop, paano siya naghanda sa pagpapalit ng liderato, mga pagsubok na kanyang pinagdaanan sa gitna ng transition at

paano niya ito nalampasan, gayundin ang mga aral na kanyang natutunan mula sa proseso ng succession.

Dumalo din sa pagtitipong iyon si BOD Chairperson Herminda Z. Valeriano kasama ang may 130 cooperative leaders mula sa 55 miyembrong kooperatiba ng NATCCO.

Tinalakay din sa nasabing pagtitipon ang Sustainability as a Cooperative Imperative, Strengthening Cooperative Governance, Empowering Financial Wellness, Sustaining Financial Viability at Community Engagement and Sustainability.

PASADA LOAN

ST. MARTIN COOP

Hanggang **P40,000** ang maaari mong i-loan, Max. Term of 16 months.

Amount of loan	Total Interest
P10,000.00	as low as P 586.16
P15,000.00	as low as P 1,326.91
P20,000.00	as low as P 2,684.76
P30,000.00	as low as P 5,436.74
P40,000.00	as low as P 9,829.75

APPLY NOW!

'Pasada Loan', inilunsad ng SMTCDC

ni ROWENA CELESTINO

Kamakailan ay naglunsad ng panibagong pautang ang ating Kooperatiba, ito ay ang “PASADA Loan”.

Para ito sa mga “Tricycle Operators” o miyembro ng TODA (Tricycle Operators and Drivers Association). Mula sa P10,000.00 hanggang P40,000.00 ang halagang maaaring mautang. Walang Ka-may-gawa o “Co-maker” na kailangan. Subalit kinakailangan ang “Tricycle Operators” o miyembro ng TODA ay may MTOP (Motorized Tricycle Operators Permit) at “full-fledged” na kasa-pi ng St. Martin Coop.

May limang (5) “cycle” ito kung saan ang kwalipikadong kasapi ay makakautang sa unang

“cycle” ng halagang P10,000.00 na babayaran sa loob ng apat (4) buwan, sa pangalawang “cycle” naman ay P15,000.00 na babayaran sa loob ng anim (6) na buwan.

Sa pangatlong “cycle” naman ay P20,000.00 na babayaran sa loob ng siyam (9) na buwan, sa pang-apat na “cycle” naman ay P30,000.00 na babayaran sa loob ng isang taon, at para sa panglimang “cycle” naman ay P40,000.00 na babayaran sa loob ng isang taon at apat (4) na buwan.

Hindi pwedeng may kaalinsabay itong ibang klase ng pautang. Epektibong ipinatupad ito noong Mayo 12, 2025.

Sa Christmas

Loan Promo,

magiging masaya ang **PASKONG PANGARAP** mo.

up to **₱50,000.00** max. loan amount

12 months max. term

Apply now!

Promo runs until December 31, 2025
*Subject to pertinent policy

ST. MARTIN COOP



Body Massage Training, isinagawa sa Orani

ni MARY ANN F. AGUSTIN

Isinagawa ng Business Development Center ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative ang isang Body Massage Training sa Municipal Hall ng Orani, Bataan noong Hulyo 11, 2025.

Layunin ng pagsasanay na ito na makapagbigay ng livelihood training para sa mga kalahok, upang matutunan ang tamang paraan ng pagmamasaha — isang kasanayang maaaring pagkakitaan at magsilbing panimulang hakbang sa pagnenegosyo.

Ang kalahati ng mga dumalo ay mga miyembro ng St. Martin Coop – Orani Branch, habang ang natitirang kalahati ay mula sa komunidad ng PESO Orani, kabilang ang mga kinatawan mula sa PWDs community, solo parents, at KALUPI sectors.

Sa tulong ng isang TESDA-accredited trainer, naging masinsinan at makabuluhan ang bawat sesyon, na siniguradong natutunan ng mga kalahok ang tamang teknik, etika, at kaalaman sa pag-

bibigay ng masahe. Bilang bahagi ng programa, nagbigay rin ng Membership Orientation Seminar si Bb. Mary Ann Agustin mula sa Business Development Center.

Sa kanyang masiglang pagbabahagi ng mga benepisyo at layunin ng kooperatiba, maraming kalahok ang naenganyo at nagpasiyang maging bagong miyembro ng St. Martin Coop sa mismong araw ng pagsasanay — isang patunay na ang pagtutulungan at pagbabahagi ng kaalaman ay tunay na nakakahikayat ng pagkakaisa.

Lubos ang pasasalamat ng SMTCDC sa PESO Orani sa pagiging bukas at maasahang katuwang sa aktibidad, sa mahusay na TESDA trainer na nagbahagi ng kanyang kaalaman, sa lahat ng aktibong participants na buong pusong nakilahok at sa matagumpay na orientation at pagdaos ng training ng Business Development Center na nagbukas ng pinto sa bagong miyembro ng kooperatiba.




Nakikinig ang mga kalahok sa Body Massage Training habang ang TESDA-accredited trainer ay nagpapaliwanag sa tamang proseso ng pagmamasaha sa ginanap na pagsasanay ng St. Martin Coop sa Orani, Bataan. Pinangunahan ng SMTCDC Business Development Center ang naturang pagsasanay.

Masayang Paanyaya, Mas Bonggang Premyo: Kwento ng Kampanya ng St. Martineurs

“Invite friends and Win Exciting Prizes”

Invite at least 20 friends to follow the **St. Martineurs FB Page** for a chance to win a reward!



Here's how to join:

- Step 1:** Invite at least 20 friends to like "St. Martineurs FB Page".
- Step 2:** Ensure that their invited friends like the page by sending a screenshot to St. Martineurs FB Page.
- Step 3:** Tag your invited friends in the comment section of the campaign post.

Reminders:

- Campaign runs from February 24, 2025 to March 30, 2025.
- A total of 40 winners are eligible to win exciting freebies.
- Announcement of winners is on March 30, 2025.

For more information, you can contact Business Development Center at 0964-908-2268.

ni MARY ANN F. AGUSTIN

Kung matatandaan, sa unang isyu ng SANDIWA ay ipinakilala ng St. Martin Coop ang St. Martineurs — isang Facebook page na nilikha upang magsilbing tulay para sa mas malawak na koneksyon at komunikasyon sa pagitan ng mga miyembro at taga-suporta ng St. Martin Coop.

Sa pahinang ito, tampok ang mga kwento ng tagumpay ng ating mga Kamay-ari, mga importasyon ukol sa pagsasanay, mga highlight ng mga aktibidad ng kooperatiba, at mga kapakipakinabang na tips para sa mas maayos na pamumuhay at pagnenegosyo. Layunin ng St. Martineurs na magbigay inspirasyon, magbuklod ng komunidad, at magsilbing gabay sa mas matagumpay na kooperatibong pamumuhay.

Bilang pagpapatuloy ng adhikain ng St. Martineurs na mapalapit ang bawat miyembro sa isa’t isa, inilunsad noong Pebrero 24, 2025 ang isang kasiya siyang kampanya na pinamagatang "Invite Friends and Win Exciting Prizes."

Sa kampanyang ito, hinikayat ang mga miyembro na mag-

imbita ng dalawampung kaibigan sa Facebook upang i-follow ang St. Martineurs page. Sa simpleng hakbang na ito, binuksan ang pinto para sa mas masiglang pakikilahok at mas malawak na pag-abot ng mensahe ng kooperatiba.

Hindi lamang koneksyon ang layunin ng kampanya — may kaakibat din itong kasiyahan at gantimpala. Ang mga kalahok na matagumpay na nakapag-imbita ng kanilang mga kaibigan ay may pagkakataong manalo ng mga premyo tulad ng school supplies, baking supplies, mga gamit para sa hair spa, at iba pang kapakipakinabang na bagay. Sa kabuuan, apatnapung kalahok ang pipiliin bilang mga nanalo, at sa kasalukuyan ay dalawampu na ang nakatanggap ng kanilang mga gantimpala.

Sa mga hindi pa nakakasali, bukas pa rin ang pagkakataon. Mag-imbita na ng mga kaibigan, ipafollow ang St. Martineurs Facebook page, at baka ikaw na ang susunod na magwagi. Sa St. Martineurs, ang koneksyon ay hindi lamang virtual—ito ay tunay, makabuluhan, at may kasamang saya.

St. Martineurs, namigay ng incentive voucher

ni MARY ANN F. AGUSTIN

Sa patuloy na pagsulong ng *St. Martineurs* bilang isang makabuluhang online community, inilunsad ang isang kampanya noong Abril 15, 2025 na magpapatuloy hanggang Disyembre 30, 2025. Tinawag itong “Top Supporters of the Month” na layunin nitong mas mapalalim pa ang koneksyon sa mga tagasuporta at mas mapalawak ang koneksyon sa mga adhikain ng grupo.

Sa ilalim ng kampanyang ito, dalawang *Top Supporters* ang pipiliin kada buwan—sila ang mga aktibong miyembro na lag-ing naka-like, comment, at share sa mga post ng *St. Martineurs* Facebook page. Sa pamamagitan

ng simpleng pakikilahok, nabibigyan ng pagkakataon ang bawat follower na maipakita ang kanilang suporta at malasakit sa komunidad.

Bilang pagkilala sa kanilang aktibong partisipasyon, ang mga napiling *Top Supporters* ay makatanggap ng ₱200 incentive voucher bilang gantimpala.

Narito ang listahan ng mga nanalo sa “Top supporters of the month” mula Abril hanggang Hunyo.

1. Awi Air- Bulacan
2. Eirelav
3. Brenda Agustin
4. Caberte Pino Jackelyn
5. Heart & Seoul Korean Grill House Bocaue
6. Joanna Riza Celestino

Mga Bagong Pensyonado ng St. Martin Coop

Ni EILEEN RUTH G. REYES

Sa loob ng mahigit 20 taon ay kasama sa St. Martin Coop ang mga kasaping ito na hu-warang tumutupad sa mga gampanin ng mabuting Kamay-ari.

Ang patuloy nilang pagtangkilik ay nag-bibigay-daan upang makamit ng ating Kooperatiba ang tagumpay at katanyagan.

Narito ang qualifications upang maging Pensyonado:

- May edad 65 pataas at kasapi sa loob ng 20 taon o higit pa
- Mayroong Share Capital na hindi bababa sa P5,000 sa nakaraang limang taon
- ACTIVE membership status
- Class A o Class B borrower (Class B kung walang loan)

Simula ngayong taon, sila ay tatanggap na ng buwanang Pension na may halagang P75.00 hanggang P250.00, base sa kani-kanilang Share Capital.

NO	NAME
1	ABAD, AMPARO E.
2	ABUTAL, ADELINA I.
3	ADRIANO, BENILDO R.
4	ADRIANO, MAXIMA S.
5	ALBINO, REYNALDO P.
6	ALEJANDRO, IGNACIO G.
7	ANGELES, CORAZON E.
8	BAUTISTA, MARITES C.
9	BALEZ, EMELIANA M.
10	CAPALAD, FELICIDAD D.
11	CLAUDIO, BARBARA D.
12	CONCEPCION, ROSA D.
13	CRUZ, QUEZON S.
14	DELA CRUZ, CRISPIN S.
15	DELA CRUZ, ENRIQUE B.
16	DELA CRUZ, MARCIANO S.
17	DELA CRUZ, NORMITA C.
18	DELA ROMA, NECITA V.
19	DELOS REYES, ROSARIO A.
20	DIMACULANGAN, LUCIA J.
21	DIOKNO, LUZVIMINDA B.
22	DUMAYAG, VIRGILIO N.
23	ELIZON, TERESITA H.
24	ESPIRITU, EMILIE S.
25	ESTEBAN, DANILO D.
26	ESTRADA, DOLORES S.
27	EUGENIO, FELINA M.
28	FERNANDEZ, ANGELITA B.
29	GAMBOA, RUSTY L.
30	GOBOLE, REGALADO JR. D.
31	HALILI, JORDAN V.
32	HALILI, REGINA V.
33	HERMOSILLA, PRISCILLA D.
34	HERNANDEZ, CRISANTA A.
35	JAVIER, NIMROD E.
36	JOSE, BESILDA A.
37	KATIGBAK, ROSALIA C.
38	LANUZA, NERRY D.
39	LEONING, EVA M.
40	LOYOLA, LUZ E.
41	MAGALLANES, VERONICA T.
42	MAJABAGUE, DIONISIO D.
43	MANUEL, DANILO C.
44	MANZANO, AURORA J.
45	MARASIGAN, ZENAIDA C.
46	MENDOZA, EDUARDO M.
47	MENDOZA, ESTERLITA S.
48	MENDOZA, MA. ROLINDA S.
49	MENDOZA, MARIO J.
50	MENDOZA, REYNALDO J.
51	MOGARTE, TEODOMIRO S.
52	MORALES, EBELINDA M.
53	NIETO, ELVIRA M.
54	ODTOHAN, DOMINGO D.
55	ONGARIA, CARMENCITA V.
56	OPIAZA, NORMA S.
57	OWERA, REYNALDO R.
58	PANGANIBAN, DIANIRA P.
59	PARULAN, ALICIA N.
60	PARULAN, VIRGINIA P.
61	PLANILLAS, MIRASOL T.
62	PRINCIPE, GLORIA S.
63	RACHO, GAUDENCIO S.
64	RAMIREZ, CARMINA T.
65	RUBIO, ELIZABETH P.

66	SALVADOR, VIRGINIA D.
67	SAMANIEGO, GERTRUDES T.
68	SAN JOSE, EDGARDO M.
69	SANTIAGO, BELINDA W.
70	SANTIAGO, ROSITA G.
71	SANTOS, ESPERANZA G.
72	SANTOS, JOSEFINA P.
73	SANTOS, LAKAMBINI D.
74	SOTOCUA, JOSEFINA A.
75	STA. MARIA, FELIX C.
76	STA. RITA, EDUARDO R.
77	TANIEGRA, ANTONIA D.
78	TENORIO, HERMINIA S.
79	TEODORO, JULIETA M.
80	TEODORO, ROSALINA D.
81	TUAZON, ESTELITA G.
82	TUAZON, RAYMUNDO B.
83	URRUTIA, MA. LOURDES G.
84	VALERIANO, CECILIO D., JR.
85	VALERIO, TEODORO H.
86	VILLAREAL, ANTONIA C.
87	WENCESLAO, EVELYN M.
88	ZAFRA, MARIE ANN R.
89	AGAPITO, YOLANDA E.
90	ALBERTO, GUILLERMO G.
91	ALCORIZA, ROMEO T.
92	ALEJANDRO, DALISAY S.
93	ALEJANDRO, FERNANDO C.
94	ALEJANDRO, HERMINIA P.
95	ANDRES, ANGELINA L.
96	AUSTRIA, ROBERTA M.
97	BARRERA, FELIMON SR. ..
98	BARUC, LUDIVINA M.
99	BAUTISTA, REMEDIOS A.
100	CABILING, RICARDO S.
101	CAMBA, MA. LUISA G.
102	CASTILLO, DOMINADOR R.
103	CORNEL, LEONISA C.
104	CRUZ, ANTONINO N.
105	DE LEON, ESMERALDA M.
106	DEL ROSARIO, PERLITA I.
107	DEL ROSARIO, VERONICA C.
108	DELA CRUZ, EUFRECINA A.
109	DELA CRUZ, HERMINIGILDA D.
110	DELA CRUZ, JULIETA M.
111	DELA CRUZ, ROSITA F.
112	DELOS REYES, ABELARDO C.
113	DELOS REYES, FLORITA R.
114	DIZON, MARIO M.
115	DOMINGO, LEVY G.
116	DONOR, CORAZON L.
117	ENRIQUEZ, DANILO O.
118	EVANGELISTA, AGRIPINO S.
119	EVANGELISTA, FRUCTOSA R.
120	FELICIANO, CECILIA J.
121	FRANCISCO, INES B.
122	GERONIMO, BRIGIDA M.
123	GERONIMO, HUBERTO M.
124	GLORI, CLARITA V.
125	GONZALES, ELISA D.
126	GONZALES, LORNA J.
127	GONZALES, RUFINA G.
128	GOTUMAN, VIRGINIA T.
129	HERMOGENES, LUCILA V.
130	HUERTO, FLOCERFIDA G.
131	JIMENEZ, ADORACION V.
132	JIMENEZ, BERNARDITA S.
133	JIMENEZ, BIENVENIDO D.
134	JUAN, ROSA VICTORIA D.
135	LADAGAN, CELESTINA D.
136	MAGHARI, SONIA A.
137	MANALO, ZENAIDA D.
138	MENDOZA, ELISA A.
139	MENDOZA, ELIZABETH C.
140	MENDOZA, EMELITA A.
141	MENDOZA, FERMIN S.
142	MENDOZA, MAURA B.
143	MENDOZA, PRISCILA R.
144	MENDOZA, VIOLETA T.
145	NICOLAS, ESTELITA M.
146	NIETO, TACIANA D.
147	PALAZO, JOCELYN C.
148	PASCUAL, TEOFILO A.
149	RAMOS, GREGORIO A.
150	RAMOS, REMEDIOS C.
151	RODELA, ISABEL R.
152	ROXAS, VICTORIA M.
153	RUBIO, JUANA S.
154	SALAZAR, RAMON G.
155	SAN ROQUE, CORAZON A.
156	SANDOVAL, TRICIANA B.
157	SANTILLANA, REYNALDO B.
158	SANTOS, ERNESTO T.
159	SANTOS, MARCELA V.
160	SAPIANDANTE, ANABELL D.

172	DE GUZMAN, CONRADO D.
173	DE LARA, BONIFACIO B.
174	DE LARA, MARIA LUISA D.
175	DELA CRUZ, ELVIRA E.
176	ESPINOLA, ELIZABETH M.
177	FRANCISCO, ARNEL F.
178	NARCISO, JOSE B.
179	NICOLAS, FIDEZ Y.
180	NICOLAS, MARIA D.
181	ORTEGA, EDITA F.
182	REYES, NERILIZA L.
183	ROXAS, DANA E.
184	SAN JUAN, RAFAEL F.
185	SANTOS, FLORINDA A.
186	TAPANG, JOSE R.
187	TIU, CELIA R.
188	VALENTIN, LORNA F.
189	AGUA, EMMA C.
190	AGUILAR, OFELIA S.
191	ALVAREZ, ALEJANDRO S.
192	BAUTISTA, JOSIE N.
193	BOSTON, BEATA H.
194	DE GUZMAN, PABLO F.
195	DIVINAGRACIA, ERLINDA D.
196	EUGENIO, PABLO D.
197	GALLEGA, AVELINA B.
198	GIMENO, MARIA E.
199	HERMOGENES, SIMPLICIO E.
200	MANIQUIS, REBECCA D.
201	MENDOZA, GLORIA V.
202	MENDOZA, RUFINA M.
203	SAN PEDRO, NATIVIDAD H.
204	SANTOS, RENCY A.
205	SIMBAJON, MAMERTA H.
206	TIZON, NENITA S.
207	ALARCON, BIENVENIDA C.
208	ANGELES, MILAGROS G.
209	BAUTISTA, FELIX P.
210	CAJUCOM, MIGUELITA C.
211	CERVANTES, TERESITA C.
212	CRUZ, CONSTANCIA C.
213	CRUZ, ISABELITA U.
214	CUDIA, ALEJANDRO S.
215	CUNANAN, DOMINGO R.
216	DE JESUS, AGUSTIN S.
217	DE JESUS, MAXIMA D.
218	DELA CRUZ, EVANGELINE A.
219	GARCIA, JOSEPHINE C.
220	HERNANDEZ, JOSIE R.
221	LITAO, FELICIDAD R.
222	LORENZO, FELICIDAD M.
223	MAGPALI, ROGELIO T.
224	MANALO, PABLITO B.
225	MEDINA, GASPARD.
226	MENDOZA, RAUL S.
227	PEROL, ANITA T.
228	RAMOS, CORNELIO C.
229	SAKAY, JUDITH T.
230	SALONGA, MERLYN A.
231	SAN PEDRO, DANIEL S.
232	SANTIAGO, LUCIA V.
233	YAMBAO, LORETA L.
234	APODERADO, ISABEL O.
235	BECKER, HELEN S.
236	CASTILLO, LEONILA S.
237	DELA CRUZ, MA. CRISTINA B.
238	GARCIA, RICARDO J.
239	GARCIA, ROMULO C.
240	MACAPAGAL, CELERINA F.
241	MACAPAGAL, PABLO M.
242	SANTIAGO, MARIO R.
243	TOLEDO, ZOSIMO L.
244	VERIAO, REYNALDO M.
245	VICTORIA, FE A.
246	ALCANTARA, FILIPINA S.
247	DADIVAS, MA. THERESA S.
248	EVANGELISTA, VERNA R.
249	MACATULAD, FELOMENA L.
250	ORTIZ, HERMINIA P.
251	BERCASIO, FRANCISCA C.





14 Smart TVs, inihandog ng St. Martin Coop sa mga paaralan

NI EILEEN RUTH G. REYES

Labis ang saya at pasasalamat ng labing-apat na pangkat ng Grade 8 na estudyante mula sa Lolomboy National High School (LNHS) at AFG Bernardino Memorial Trade School sa Marilao sa pagtanggap ng 14 na 43-inch Smart TV.

Sinusulong nito ang mas makabago at interaktibong paraan ng pagkatuto. Ang donasyong ito mula sa St. Martin Coop ay isang hakbang tungo sa mas progresibong edukasyon para sa kabataang Pilipino.

Idinaos ang turnover ceremony noong Hulyo 16, 2025 kung saan malugod na ipinagkaloob ang tig-7 Smart TVs sa mga gu-rong tagapayo at mag-aaral ng dalawang paaralan. Ito ay pinangunahan ni St. Martin Coop CEO Serafin M. Celestino, Jr. kasama sila Chief MS and Marketing Division Officer Nenita DR. Ignacio, Membership Services Manager Eileen Ruth G. Reyes at Meycauayan Branch Manager Roderick C. Manuel. Binigyang-diin ni CEO Jonjon na ang Kooperatiba ay hindi lamang pantangan kundi isang organ-

isasyon na katuwang ng pama-yanan sa pagsusulong ng edukasyon, kalusugan at kaun-laran.

At sa pambungad naman na pananalita ng Punong-Guro ng LNHS na si Gng. Antonina D. Santos, sinabi nito “I would like to express our heartfelt gratitude to St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative. Your kindness will ripple far beyond these walls. These TV sets are not just pieces of equipment; they are windows to knowledge, tools for creativity and bridges that will connect our learners to the wider world.”

At ang mensahe naman ni Bb. Dolores P. Borja, Head Teacher VI Mathematics Department ng Grade 8 ng AFG Bernardino Memorial Trade School ay., “The Smart TVs will be used in class-rooms to make learning more fun and engaging. Teachers and stu-dents were excited, knowing the new equipment will help improve their lessons.”

Bago matapos ang programa ay naghandog naman ang mga mag-aaral ng kanilang Thank You messages para sa bumubuo ng St. Martin Cooperative.



Nagpasalamat sa St. Martin Coop ang mga mag-aaral mula sa AFG Bernardino Memorial Trade School ng Marilao, Bulacan ng matanggap ang kanilang bagong television na maka-katulong sa kanilang pag-aaral.

Dagdagan ang Share Capital at Sumali sa Bingo Bonanza

NI EILEEN RUTH G. REYES

Patuloy na hinihikayat ang bawat Kamay-ari na magdagdag ng Share Capital upang makatulong sa pagtaas ng kabuuang pondo ng ating Kooperatiba. Anumang halaga ng Share Capital ay may kaakibat na taunang inter-es. Habang lumalaki ang Share Capital, mas tumataas din ang interes na natatanggap ng bawat miyembro. Bukod sa kita mula sa interes, ang hala-ga ng Share Capital ay batayan din sa pag-tanggap ng mga benepisyo mu-la sa ating social services, tulad ng Hospitalization Assistance, BuntiSupor-ta, ProstaCare, Fire Victim Assistance, Senior Members’ Pension at Birth-day Gift Certificates.

Noong Abril 26, 2025 ay matagumpay na isinagawa ang Bingo Bonan-za kasabay ng 2025 Final General Assembly Meeting. Ito ay nilahukan ng mga Kamay-ari mula sa iba’t ibang sangay, maliban sa San Miguel, Caba-natuan, Guimba, at Orani. Nagpakita ng masiglang suporta ang mga dumalo, na nagbunga ng positibong kinalabasan para sa ating Kooperatiba.

Para naman sa mga sangay ng San Miguel at Cabanatuan ay ini-usad ang araw ng Bingo Bonanza at ito ay gaganapin sa Koopulungan sa Pebre-ro 2026. Habang sa Orani Branch ay napasiyahan na kanselahin ang ak-tibidad bilang pagsunod sa alituntunin ng kanilang lokal na pamahalaan. Samantalang sa Guimba Branch naman ay minarapat na lamang itong kan-selahin.

Lubos ang aming pasasalamat sa lahat ng Kamay-ari na taos-pusong sumusuporta sa mga programa ng Kooperatiba. Ang inyong aktibong pakikiisa ay mahalaga sa patuloy na pagpapatatag ng ating Share Capital at sa pag-abot ng mas maraming benepisyo para sa lahat.

SMCYLC Officers, nagtipon para sa kaalaman sa pananalapi



Nakikinig ang mga SMCYLC Officers sa isa pang naging tagapag-salita na si Ms. Aryann Fernandez upang lubos na matutunan ang kahalagahan ng Financial Literacy Seminar at kung paano ito magagamit sa pang araw-araw nilang buhay.

ni DUSTINE KIM MANGALINDAN

Upang higit pang mapalawak ang kaalaman ng mga kabataan sa tamang pamamahala ng pana-nalapi, matagumpay na isinagawa ng St. Martin Coop ang isang Fi-nancial Literacy Seminar para sa mga St. Martin Cooperative Youth Leaders Club (SMCYLC) Officers noong Hunyo 28, 2025. Layunin ng seminar na ito na hubugin ang kamalayan ng mga kabataan sa kahalagahan ng matalinong paghawak ng pera, upang maging mas responsable silang mamamayan sa hinaharap.

Nagsilbing pangunahing ta-gapagsalita si G. Allan Eugene S. Baiza, Marketing Manager ng St. Martin Coop, na nagbahagi ng mahahalagang kaalaman ukol sa pag-iimpok, tamang paggastos, at epektibong pagbabadyet. Ipinali-wanag niya kung paanong ang maayos na pamamahala ng pera ay hindi lamang nakatutulong sa personal na kapakanan, kundi pati na rin sa pag-unlad ng

komunidad. Binigyang-diin niya ang mga praktikal na hakbang sa pagbuo ng badyet, pag-iwas sa hindi kinakailangang gastusin, at ang kahalagahan ng disiplina sa pananalapi.

Bukod sa pagbibigay ng im-pormasyon, layunin din ng ak-tibidad na ito na maipasa ang kaalaman sa mas nakararaming kabataan. Sa pamamagitan ng mga SMCYLC Officers, inaasahang maibabahagi ang mga natutunan sa seminar sa kanilang mga kapwa kabataan sa kani-kanilang paaralan, barangay, at iba pang samahan. Sa ganitong paraan, nagiging instrumento ang mga kabataan sa pagpapalaganap ng financial literacy sa mas mala-wak na saklaw.

Sa kabuuan, ang seminar ay naging makabuluhang hakbang tungo sa pagbuo ng isang henera-syong may sapat na kaalaman at kakayahan sa pamamahala ng pananalapi—isang pundasyon para sa mas matatag na kinabu-kasan.